



# Kuwentong Bayan ng Teduroy





## STORYBOOK

This storybook is a product of the \_\_\_\_\_  
Storybooks of the Sultan Kudarat state University – Region XII.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, no copyright shall subsist in this work of government of the Philippines. However, prior approval of the Sultan Kudarat State University shall be necessary for exploitation of such work for profit. SKSU may, among other things, imposed as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use for any purpose of statues, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read, or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in deliberative assemblies, and in meetings of public character. For the purpose of citation, the following is recommended:

***Kuwentong Bayan ng Teduray, 2024***

### DEVELOPMENT TEAM

Writers:

Illustrator/Layout:

Language Editors:

### LEARNING RESOURCE MANAGERS:

CARLITO D. ROCAFORT – Regional Director sample only

KATHERINE H. LOTILLA – Assistant Regional Director sample only


LUZ LALLIE FERRER– Regional CLMD Chief sample only

ARTURO D. TINGSON, JR. – REPS, LRMS sample only

– Schools Division Superintendent

– Assistant Schools Division Superintendent

- CID Chief



# Kuwentong Bayan ng Teduroy





# KUWENTO 1: FANDUGA (MGA SAGRADONG BAGAY)

*Halaw mula sa Kefedewan*

Ang sangkalupaan ay sinadyang likhain upang panahanan ng tao, hayop, at lahat ng bagay na namumuhay sa lupa. Sa kulturang Teduray, ang pagpapahalaga sa Lupa, hangin, tubig, apoy, kadiliman, at buwan ay lubhang mahalaga. Kapag walang lupa, walang buhay.

Ang lupa ang pinaniniwalaang siyang pinag-ugatan kung paano buuin ang tao batay sa paglikha ni Minaden at Tulus. Sa lupa nabuo ang katawan at buhay ng tao, sa lupa tumutubo ang mga tanim upang maging pagkain at pinagkukunan ng lahat ng mga kakailanganing pang-araw-araw. Sa lupa nakapatong ang mga likhang dapat makita ng lahat. Sa lupa nakikita ang tunay na kulay ng daigdig. Kasunod ang hangin, ang hangin na pinagkukunan ng oksiheno, hininga na siyang pinakasentrong bagay kung saan nilikha upang tayo ay mabuhay, dinakikita ngunit sobrang mahalaga.

Ang tubig ang pumapangatlo, tatlong-kapat na bahagi ng katawan, panghugas sa dumi, gamot sa uhaw at di pa mabilang na ginagamitan nito. Ito ang naging lunduyan ng sigla at lakas, kinabubuhayan ng lahat ng isda at kauri nito na di maaaring walaang tubig sapagkat ito ang tirahan nila. Apoy, pinagmumulan ng liwanag, araw, nagbibigay init, sigla at lakas o enerhiya. Gamit sa pagluluto at marami pang kahawig na gawain. Sobrang mahalaga sapagkat kapag walang liwanag, walang ganda ang mundo.

Kadiliman, kasalungat ng liwanag, nabuo upang magsilbing hangganan ngliwanag-nagpapahiwatig ng gabi, pamamahinga, lumbay at pananahimik, pagmumuni-muni at pasasalamat. Buwan na siyang pinagmulan ng liwanag sa kawalan na nasa kalamigan ng damdamin, pag-asa at karapatan. Hudyat ng kalusugang pag-iisip at matayog na pangarap.

Ang mga Teduray ay tunay na nainiwala sa mga pahayag at kagamitang hindi kailan man maiwawaksi sa tanang buhay nila sa araw-araw. Isang batayan na ang pagpapahalaga sa kalikasan ang naghahatid ng patunay na may tagapaglikha kaya nagiging sagrado para sa kanila.

## Aral ng Kuwento

Pagpapahalaga sa kalikasan, dahil ayon sa kulturang Teduray, ang mga sagradong bagay tulad ng lupa, hangin, tubig, apoy, kadiliman, at buwan ang siyang nagbibigay ng pang-araw-araw na kagamitan sa mga tao. Kung kaya't dapat natin itong pahalagahan.

## KUWENTO 2 : TUDOK M'RAWIR (BUNDOK MARAWIR)

*Ayon sa salaysay ni Lukes Libun*

Noong unang panahon, hindi pa uso ang pagkakaroon ng pormal na katawagan sa lugar saan man dito sa Pilipinas, nakikilala lamang ang lugar batay sa kanyang katangian o kuwentong nakasalalay na makasaysayan.

Tulad din ng mga kasaysayan ng mga lugar sa Pilipinas, para sa kulturang Téduray, nakukuha rin nila ang katawagan mula sa mga tanyag na katangian at maging ang kuwentong namamayani rito.

Bago pa man dumating ang mga dayuhan at mananakop na mga Kastila, nagkaroon na ng pangkat-pangkat na pananakop at pang-aagaw sa mga "ingéd" o pamayanan ng sinaunang mga Pilipino. Ang bawat pangkat-pamilya ay may anya-kanyang kinikilalang pinuno. May pinunong matino at mayroon namang di matino at ang hangarin ay maaaring makasama sa iba lalo pa't naghari-harian at mapagsamantala.

Nagkaroon ng kaguluhan sa bahagi ng Sentral Mindana partikular sa Cordillera ng Cotabato kalakip ang hilerang bundok Daguma. Sa bahaging sakop ng Bundok Binusugan (Brawir Bato) sa katimugan ay may talampas, naging talampas sapagkat sa bahaging silangan ay pampang ng malaking ilog Tubak at sa bahaging kanluran ay pampang ng malaking ilog Tèran (Tran). Ang kabuuang talampas ay puno ng talahiban at kauri na damo. Isa na rito ang damong namumunga ng kahawig ng palay ang "gèngoy". Maliban sa tumutubong damong ito, sagana ang kabuuang talampas sa mapagkukunan ng pagkain tulad ng kamoteng-kahoy, kamote, saging at iba pang prutas- ilang.



Isang pangyayari ang di inaasahan ng lahat nang isang taong nagkaroon ng walang laman ang mga kamoteng-kahoy at kamote, pati ang mga saging ay hindi rin namunga at ang mga prutas- ilang ay hindi rin namunga. Nangagtataka ang lahat. Ngunit ang kanilang kinilalang pinuno ay nagwikang,

"huwag..... ninyong ipagtataka ang pangyayaring ito," parusa ito ng diyosang Minadèn dahil hindi na natin siya naalala tulad nang dati. Ano ang dapat nating gawin?, sabad ng isa sa mga lalaking naroroon.

"Linisin natin ang buong bahagi ng talampas na ito,"sagot ng pinuno.

"Gamitin ninyo ang inyong mga "tabas!" ang mga "gèngoy" ay dapat " itumpok ng maayos upang ating sunugin, sayang lang man at di natin magagamit ang kanyang bunga upang gawing bigas. Ngunit, "Kinabukasan, sinimulan ang paghahawan ng kabuuang ang pagtatrabaho hangga't sumunod na araw kaunti na lang ang hindi pa naubos tabasin. Mag-ikatlong araw na paggawa, natapos din ito. Isang mataas na tumpok ang nabuo mula a "gèngoy", at sa medyo tuyo na rin ang bahaging pang-ibaba ng tumpok, tinangka itong sunugin ng pinuno, at sa di inaasahan may paparating na mga pangkat ng tao mula sa hilaga. Nagsitakbuhan ang lahat dahil sa takot. Iniwan ang gawain at kanya-kanyang kumaripas ng takbo patungong timog hang-gang makarating silang lahat sa "Sarumfing".

Sa pagkakaakala ng mga taong pumasok doon na ang gawaing pagtutumpok ng "gèngoy" ay pag-aani ng palay sapagkat noong una, nakasanayang itumpok muna ang inaning palay, pinatutuyo at saka pa gigiikin sa pamamagitan ng paglilinas ng mga paa. Ang sadya talaga ng mga taong iyon ay makipag-agawan sa kanilang pag-aani sapagkat ayon sa kanila,"hindi ito itinatanim,kusa lamang itong tumubo, bakit hindi sila makinabang na wala na rin silang makain."





Pinaghahakot ng mga mang-aagaw ang mga "gèngoy" sa talagang sa tingin nila ay mga palay ang nakatumpok. Habang hinahakot nila ang mga iyon, lalo pang dumami paítaas ang tumpok at sila'y nangagtataka na ang paligid nila sa bahaging ibaba ay tumubong bigla ang mga talahib. Lalo pang tumaas nang tumaas ang pinagtumpukan.

Naligaw sila dahil hindi nila alam kung saan dapat sila lalabas paibaba. Makalipas pa ang ilang oras, ang mga dayami ng "gèngoy" ay nangagkadikit lalo pa ang bunga nito. ang mga bunga nito. Nagkaroon ng kumpol-kumpol na parang mga putik ngunit kulay itim ang mga ito. Nagsitakbuhan sila paibaba ngunit huli na ang lahat dahil wala silang malalabasan – puno na ng bagong tubo ng talahi ang paligid at ang kanilang inaapakan ay nararamdaman nilang nanlalagkit. Ang mga butil ng "gèngoy" na nahuhulog sa lupa ay nagiging malagkit na parang putik. Hindi sila nakaalis doon, tumaas nang tumaas lalo ang pianagtumpukan at ang mga butil ay nabuong mga lupang malagkit kasama na ring nagkadikit ang mga dayami. Naging kulay itim ang mga lupa at kusang natatabunan ang mga taong yaon.

Makalipas ang ilang linggo, ang tumpok ay natatanaw sa Sarumfing na isang matulis at hugis tatsulok na bundok. Solo o nag-iisa sa gitna ng talampas na kanilang nilisan. Inipon ng pinuno ang mga kalalakihan upang pag-usapan ang kanilang natatanaw, na dati'y wala bakit nagkaroon. Napagpasyahan nilang tunguhin ang nasabing lugar. Higit sa apat (4) na kilometro ang layo nito mula sa napuntahan nilang Sarumfing. Habang sila'y nasa kalagitnaan ng Sarumfing at pook na yaon, natigil silang lahat nang makita ang kabuuang hugis ng burol, dahil kapag nasa malapitan parang burol, at kapag nasa malayuan isang bundok. Nagtanungan ang lahat,

"Ano ang dahilan kung bakit nagkaroon ng burol ang dati'y kapatagan?"

Sinagot sila ng pinuno, ang hiwaga iyan ni "Tulus" sapagkat kakampi natin siya. May hangarin tayong mabuti sa paghahawan ng lupaing iyan upang tamnan ng makain ngunit inagaw sa atin, kaya pinarusahan lahat iyong mga pumasok at nang-agaw sa atin. Hali kayo! at lalapitan natin," seguridad akong wala na silang lahat doon sapagkat naparusahan sila."

Nang makarating silang lahat doon, namangha sila sa kabuuang hugis ng burol. Nagtanungang- sabay na,

"di ba, dito natin itinumpok ang "g'ngoy?" Bakit ito na, naging Burol?"

"Di niyo ba naalala, di ba sinabi kong hiwaga at kagagawan iyan ni "Tulus?" Natamimi ang lahat. Ngunit biglang sumigaw iyong isa,

"Bakit "Marawir?" na ang ibig sabihin, bakit madamo?"

"Di mo ba naalala na dati "g'ngoy" din ang ating pinagtutumpok?" sagot naman ng isa.

"Ngayon, bakit malagkit ang lupang ating inaapakan," at bakit "tatsulok ang hugis nitong burol?"

"Maupo nga muna tayong lahat", sabad ng isa habang tumutingala sa himpapawid ang kanilang pinuno. Natahimik nang sandali silang lahat at di namalayang nakaupo na pala silang lahat maliban sa kanilang pinuno.

Ang tatsulok na ito ay sagisag nina "Minadèn, Tulus at Fulu-fulu", sila ang may kagagawan nito. Sinadya nilang patubuan uli ng mga damo sapagkat nagpapahiwatig ito ng sumpa ng pagiging madamot at pangamkam tulad ng ginawa ng mga taong pumasok dito.

"Segurado akong lahat sila ay nalibing dito ng buhay." Ang itim na malagkit na lupang ito ay tanda ng sumpang may maitim na balak at budhi ng mga tao."

"Hindi natin dapat tularan ang mga ito!"

"Magpasalamat tayo sa ating mga diyos". Kahit "M'rawir ang lugar na ito, mananatili pa ring atin ito".

"Madamo" man ngunit mananatiling kapaki-pakinabang pa rin ang mahiwagang burol na ito. Iniligtas niya ang ating buhay.

"M'rawir, M'rawir, M'rawir, M'rawir, M'rawir! Tudok M'rawir!" sinasamba ka namin, salamat sa pagkaligtas mo sa amin. "Madamo ka man o matalahib, dahil sa matalahib mong taglay kami ay nakaligtas sa mga mang-gagaw." Kaya mula noon, tinawag na nila itong "Marawir o Tudok M'rawir."



# KUWENTO 3: BULITIKON (ALAMAT NG PINAGMULAN NG INSENSO)

*Ayon sa salaysay ni Lukes Libun*

Karugtong ng alamat ng Marawir, ang salitang "Bulitik" sa Téduray ay tumutukoy sa insenso. Mula sa paanan ng bundok ng M'rawir, ang pamayanang Bulitikon ay tinatayang nasa tatlo (3) hanggang limang (5) kilometro ang layo. Nang magkaroon ng pang-aagaw doon sa tinumpok na "gèngoy", naging dahilan ang pagkalat ng "bulitik", sa kadahilanang ang ilan palang mga taong nang-agaw ay nakababa sa bahaging paanan ng burol at nakaalis pa ng ganoon ka layo. Dahil sa galit ng diyosang si Minaden, inutusan niya ang mga gintong kabayong lumilipad na hahabulin ang mga taong yaon,

"Habulin n'yo ang mga taong iyon at sisipain upang magsilbing parusa para sa kanila".

Ang mga putik sa paa ng kabayo ay yaong mga malagkit na itim na putik mula sa mga kumpol-kumpol na butil ng "gèngoy" na tilamsik ng sipa ng mga kabayo. Habang pinagsisipa ang mga tao, ang ilang mga putik ay nagtilamsik kahit saang direksyon.

Nang maubos ng masipa ang mga taong yaon, tinawag ni "Minaden" ang mga kabayo sa pamamagitan ng ihip ng hangin. Ayon pa sa panaghoy na tawag, "Bumalik na kayo rito at natapos na ang mga iyan, magiging lupang bulitik na lamang ang mga iyan balang araw". Bumalik ang mga kabayo at hindi na lumipad pabalik kundi nagsilakad na lamang. Ang bawat madaanan ng kabayo sa mga yapak nito ay may naiiwang mga itim na kumpol-kumpol na pitak ng mga putik at ito ay naging tanda ng mga kalat-kalat na bulitik o insenso.





Dahil nga sa ang dating pinagtatayuan ng mga banay ng mga taong Tèduray ay nabuo ang mga burol, humanap sila ng mapagtatayuan muli na buo pa rin ang isang "ingèd", pasungad sila sa bahaging ito na malapit na pamayanang Manobo sa Pampang ng Ilog Tran. Iyon na lamang ang pagtataka ng mga Tèduray na bakit marami ang insenso o bulitik sa lugar na iyon. Kaya mula noon tinawag nilang "Bulitikon" ang kanilang "ingèd", at hanggang ngayon "Bulitikon" na ang tawag ng lahat. Ang bahaging silangan patungong timog ay para sa mga Tèduray at ang bahaging kanluran patungong hilaga naman ay nakalaan para sa mga Manobo.

Maitanong ninyo kung bakit mabango ang insenso o bulitik? Ang bulitik ay galing sa mabangong palay-malagkit na galing din doon sa hiwagang "gèngoy" na hiniwagaan ni Minadèn. Ang mga "gengoy" na naging palay mula sa mga tumpok na naging burol Marawir. Na ang patunay hanggang ngayon ang tubong bundok o gubat na palay ay talagang may taglay na bango. Kaya nagkaroon ng bango ang insenso o bulitik kapag sinindihaan o nasa baga. Ganoon din ang bigas na mula sa palay- bundok o kagubatan kapag ito ay nalutona, nagdudulot ng kakaibang bangong hindi mapahiwatig ang sarap. Kaya ganoon din ang langhap natin kapag sinunog ang insenso o" bulitik", ang mala-engkantadong amoy ay di nauunawaan ang panunuot sa ating pang-amoy.

#### Aral ng Kuwento

1. Pagpapahalaga sa kalikasan: Ipinapakita ng kuwento ang kahalagahan ng pag-aalaga sa kalikasan at mga likas na yaman. Ang insenso ay isang mahalagang produkto na nagmumula sa mga puno, kaya't dapat natin itong pangalagaan.
2. Kahalagahan ng Pagsusumikap: Ang mga tauhan sa kuwento ay nagtrabaho nang masigasig upang makamit ang kanilang mga layunin.





## KUWENTO 4: ALAMAT NG K'LUMONO

*Sa salaysay ni Kumander Titing*

Ang bahaging Cordillera ng Cotabato, kalakip ang hilera ng bundok Daguma sa bahaging kanlurang Esperanza at timog Upi, Maguindanao ay may katangi-tanging burol na tinatawag nilang "K'lumono". Noong una wala pang tawa sa burol na ito. Ito ay talagang masukal na kagubatan pa din, walang katao-taong nangahas pumasok sa lugar na ito. Tanyag ang burol dahil sa hugis mesa kung pagmasdan mong mabuti sa kalayuan lalong-lalo nasa bahaging timog-kanluran, maaari pa rin itong maging talampas ngunit di lang gaanong malawak ang bahaging taluktok.

Sina "Makauyag at B'laguna" ay mga bantog na mangangasong Manobo ay mismo di payag na puntahan o pasukin ang kagubatang iyon dahil ayon sa kanila, hindi dapat gambalain ang pook na iyon sapagkat mahiwaga ang mga iyon. Nang dumating ang mga Teduray ayon kay Kumander Titing pinuno at kinikilalang pinuno ng mga Teduray ng Sarumfing (Salumping), may ilang mga hindi kilalang tao na paminsan-minsan ay lumalabas sa kagubatang ito. Ito ay kanilang kinakausap ngunit ni minsan ay hindi sumasagot. May mga pagkakataon kung minsan na sinasadya nilang puntahan ang paanan ng masukal na gubat na ito, may naririnig silang tunog na umalingawngaw sakatagang: "KLU...MO...NO...KLU...MO...NO...KLU...MO...NO!"





Hinantakutan sila sa narinig at dali-daling umuwi pabalik Sarumfing. Sa pagitan ng "Bulitikon" at burol na iyon ay may isang punong hitik na hitik sa napakabagong bulakalak ang punong ito ay kilala sa tawag na "Ilang-ilang". Nagpahinga sila roon sa lilim ng puno, at sa di kalayuan ay natatanaw nila ang dalawang taong papalapit. Ito ay sina "Makauyag at B'laguna" na may pasang sibat at babaoy-ramo na huli nila sa pangangaso. Nagpahinga rin ang dalawa na nagging kasabay na nila roon.

Habang namamahinga, di napigilang tanungin ni Kumander Titing ang dalawa; mga kaibigan, ano ang ibig ipahiwatig ng tunog na aming naririnig?

"Bakit saan kayo galing? Balik tanong ng dalawa.

"Doon sa paanan ng masukal na kagubatan ng burol na iyan, sagot nila.

"Bakit, anong tunog ang naririnig niyo?

"KLU...MO...NO..., KLU...MO...NO., KLU...MO...NO, ang sabay na sagot nila.

"Naku! Mabuti na lang at nakalabas kayo roon sa lugar na yaon, at kung hindi, maaaring may masamang nangyari sa inyo. "Sit! Mafèon kadi" (ibig sabihin, Mabuti na lang!) at napabuntung-hininga ang dalawa ng malalim.

"Bakit? Usisa uli nina Kumander Titing.

"Mahirap ang pook na iyan sapagkat kapag may ginalaw kayong mga puno o anumang halaman na kabahagi ng lugar na iyan ay talagang may kabayaran. May nagalaw ba kayo roon? Usisa uli ng dalawa.

"Wala! Sabay sagot ng lahat. Paparoon pa lang kami at nang marinig namin ang mga katagang umalingawngaw na iyon.

Ang tinutukoy ng bathala ng burol na iyan ay, "Huwag niyo kaming gambalain, Nananahimik Kami". Nananahimik Kami. Nanahimik Kami! Kaya mula noon, ang mga Téduray at mga Manobo ay nagkasundong huwag sisrain o gambalain man ang burol na iyon, pinagkaisahang tawaging, "K'lumono".

#### Aral ng Kuwento

Huwag sirain ang kalikasan sapagkat ito ay mahalaga para sa ating kinabukasan at kapakanan.



# KUWENTO 5 : MGA UNANG TAONG TÈDURAY (ALAMAT NG PINAGMULAN NG TAO)

*Halaw sa Kefedewan*

Sa kuwentong Tèduray, kung paano nagsimula ang tao, ganito ang pahayag: Nabuo ang simula ng tao (Tèduray) mula kay diyosang "Minadèn", siya ang bumuo at naghugis ng daigdig at ang lahat na ng mga nilalang na pinagmulan ng kung ano-ano pang bagay na nakikita natin ngayon. Binuo niya ang tao mula sa putik, habang ginagawa niya ito, ang araw ay inilagay niya sa pagitan ng sangkalupaan at kalawakan, at nagkaroon ng liwanag.

Ang mundo ay pinaniniwalaang nahahati sa walong (8) pagitan. Ang pinakamataas ay nasasakop ni "Tulus" na kapatid ni "Minadèn". Siya ay tinatawag sa iba't ibang pangalan tulad ng "Mèkètèfu" at "Sualla". Ang unang dalawang taong ginawa ni "Minadèn" ay nagsimulang lumaki ngunit noong sila ay nasa wastong gulang na, ni hindi sila nagkaroon ng anak. Bumaba si "Mèkètèfu" mula sa kaulapan at nakita niyang ang ari ng lalaki ay kasinliit ng "siling labuyo", samantalang ang para sa babae ay kasinlaki ng pinakamaliit na kabebe (agihis). Maliban pa rito, ang kanilang ilong ay nakausli pabaligtad kaya tuwing umuulan naging mapanganib sa kanila dahil nabubuhusan ito ng tubig at sila'y nagkakasakit. Naawa si "Mèkètèfu" sa kaniyang nakita.

Nagpasya siyang bumuo ng kanyang likhang-tao mula sa putik, babae rin at lalaki. Gamit ang sinaunang "Fais" (bolo), inukit niya ng maayos ang hugis babae at hugis lalaki. Inayos niya rin ang porma ng ilong upang hindi na maaaring maging katulad ng unang nabanggit. Mula noon, ang dalawang nilikha ni "Mèkètèfu" ay nagkaroon ng mga anak at humayo sa buong bahagi ng mundo. Ngunit sa panahong yaon, walang sapat na pagkain ang mundo dahil wala ring lupang may tumutubo na para maging pagkain nila. Sa madaling salita, sila'y namatay. Wala ring lupang dapat libingan ng mga namatay. Humiling ang pinakatatay kay "Mèkètèfu" na lagyan ng lupa ang mundo. Mula noon, nagkaroon ng lupa at tumubo o sumibol ang iba't ibang uri ng halaman at nabubuhay sa lupa mula sa pinaglibingan ng mga unang taong nangamatay.

Di naglaon, kapansin-pansin na ang isang bahagi ng puntod ay tinubuan ng kakaibang halaman, matingkad na berde ang dahon na hugis puso (ikmo) at ang mga lupa ay nagiging puting pulbos (apog). Sa iba pa ng puntod may mga tumubong saging at ito ay kakitaan na hugis daliri, mayroon ding tumubo na bunga na kakitaan ng mga kuko, mga mais na ang butil ay kahawig sa mga ngipin, kamoteng-kahoy na hugis buto. Pinalalagay nilang ang lahat ng ito ay mula pa rin sa hiwaga ng diyos na si "Minadèn" at "Tulus".

Kaya mula rito, ang kaugaliang pag-"nganga" ay di nawawala sa Tèduray. Ang mga pagkaing saging, kamoteng-kahoy, mais, palay at kamote ay di nawawala sa kanila. Ang naiwang tatay at nanay nila dahil di namatay, muli namang nagkaka-anak at ang mga tanim na tumubong iyon ay mula sa mga puntod ang simula ng kanilang pagkain sa araw-araw.

## Aral ng Kuwento

Pagpapahalaga sa mga sinaunang paniniwala at kuwento ng ating mga ninuno, pati na rin ang pagpapanatili ng mga tradisyon, tulad ng paggamit ng mga ito sa ating pang-araw-araw na buhay.



## KUWENTO 6: ALAMAT NG SALUMPING “SARUMFING”

*(Hango sa naging salaysay nina Kapitana Daingan, kagawad Ramon Angi at mga kasamahan nila.)*

Ang kaguluhan sa Sentral Mindanao ang siyang nagtulak upang magkawatak-watak ang mga Teduray mula sa Sentro ng pamayanang Upi.

Nagkaroon ng kaguluhan dala ng mga paniniwala at paninindigan ng ilang pangkat, tribong hindi pumayag sa pagmamalabis at kawalang respeto ng ibang tribo sa ibang tribo. Dahil nga sa ang Mindanao ay sinasabing “Lupang Pangako”, ang mga tribong galing sa Kabisayaan ay gusto ring alamin kung ano ang pangakong sinasabi.

Ang kaguluhang Muslim-Magindanaon at “Ilaga” ang siyang pinakamasalimuot sa panahon ng mga huling taon ng 60's at hanggang nasa kalagitnaan ng 70's sa buong bahagi ng solong lalawigan ng Cotabato. Kaakibat ng pakikibaka at pag-iwas sa kaguluhan, napilitang lumikas ang ilang pamilya ng Teduray mula Norte (Upi) hanggang makarating sa Bundok Binusugan, Brawir Bato, at Hilera ng Daguma. Mula Bahar, Limbugen at Brawen ay binaybay nila ang Ilog Tran hanggang kanilang marating ang mgaburol at ang lugar nasa kasalukuyan ay Salumping. Marami ang nagtataka kung bakit Salumping ang tawag? Tunghayan natin ang kanilang pagsasakuwento: Ang pagmamahal sa kapayapaan ang siyang tulay upang marating ang lugar na ito ng mga pamilyang ANGI, DAINGAN, BIAD, ALIG, BULOGON at sa pamumuno at gabay ni Titing Angi binaybay nila nag ilog Tran mula sa Bahar, Limbugen at Brawir Bato (Bundok Binusugan) upang makaiwas lamang sa kaguluhan.

Nang naroon na sila sa bahaging talampas ng Tuwol malapit sa K'lumono na teritoryo ng mga Manobo, may namataan silang pangkat ng mga armado. Palapit nang palapit ang mga armado at sila ang pakay. Binilisan nila ang paglalakbay upang hindi maabutan. Nang marating na nila ang talampas na matalahib, doon sila namahinga. Makalipas ang tatlong (3) oras, muli na namang namataan ang mga humahabol na mga armado. Muling nagpatuloy sila ng kanilang paglalakad hanggang makarating sa kasalukuyang lugar.

Magtatakip-silim na sila ng makarating doon. Humanap sila ng maaaring mapagkublian na lugar na maaaring mapagpapalipasan ng gabi na seguradong ligtas. Inakyat nila ang burol na may nakausling puting bato upang makita nila ang mga sumusunod na armado. Sa burol na iyon, tanaw na tanaw ang kabuuang paligid. Doon naging panatag ang kanilang kalooban at nanatili sila roon hanggang magdamag. Kinabukasan, mga alas nuwebe (9:00) ng umaga, muli namang namataan nila ang mga armado.



Sinabi ni Titing na;

“huwag na tayong aalis dito”, wala na tayong mapupuntahan. Napakalayo na ng ating nalakbay,


“ano’t ano man ang gagawin nila sa atin, mapipilitan na tayong lumaban, ang mga babae at mga kabataan ay magkubli lang sa mga batuhang iyan.”

“Ako na ang bahalang humarap muna dito”.

Hangga’t makarating na ang mga armado. Sinalubong ni Titing at tinanong kung ano ang pakay nila. Sumagot sila sa ibang lenggwahe na hindi niya naintindihan. Sa madaling sabi, “hindi sila nagkaintindihan” dahil ibang lenggwahe ang ginagamit nila at wikang Têduray rin ang kay Titing.

Nagpapatok ang isa, hinugot din ni Titing ang kanyang “Kris”, at ang mga kasamahan niya ay nagsihanda rin ng kanilang mga “tabas”. Binaril si Titing ngunit hindi natamaan, nagsisipagtago ang mga babae at ang kabataan, sumugod ang mga kalalakahang kasama ni Titing. Pinagbabaril sila ngunit “hindi tinablan”. Sumigaw si Titing na,

Sugod!” Ginabayan tayo ni “Lagèy Lèngkuwos”, at nang biglang may lumabas na “Sarumfing” (kabayo) sa nakausling bato mula sa tagiliran ng burol na iyon. Gayon na lamang ang pagkamangha ng pangkat ni Titing na nilapitan ng kabayo ang mga kalaban at pinagtatadyakan. Napatilapon ang bawat natadyakan ng kabayo sa kabilang burol”, at nagapi nilang lahat ang mga kalaban.





Namahinga sila buong maghapon matapos ang sagupaang iyon dahil sa kapaguran. Muling kumagat ang gabi, sumibol ang maliwanag at bilog na buwan. Naghapunan ang pangkat at ang liwanag ng buwan ang nagsisilbing ilaw habang sila ay kumakain. Biglang nagpakitang muli ang kabayo na nakatambad ang "mala-gintong kulay" ng balahibo. Napabuntong-hininga si Titing at naalala niyang dapat sila ay magpasalamat. Hiniling ni Titing sa lahat na sila'y yumuko at magmuni-muni bilang pagpapasalamat sa kabayong iyon.

"FANDUGA SARUMFING" (Sagradong Kabayo o Engkantadong Kabayo), ang bigla niyang sinabi, at biglang nilapitan ang kabayo. Ngunit nawala ring bigla ang kabayo, sa halip ang puting bato ang kanyang nakayakap, at napasigaw siyang:

"SARUMFING" nasaan ka? Magpakita kang muli sa amin. Napatayo ang lahat at nilapitan si Titing, sabay wikang:

"Tunggu Koyoran" (Kumander). Ikaw rin ay hiniwagaan ni "Minaden at Lagéy Lêngkuwos". Napaiyak siya at winika muli ang ganito:

"FANDUGA SARUMFING", magpakita kang muli sa amin, hindi mababayaran ang tulong na ginawa mo sa amin. Hindi na kami aalis mula ngayon sa lugar na ito. Dito na ako magpapakatanda at magpapakamatay".

Kaya mula noon, tinawag na nila itong: "SARUMFING". Napalitan na lamang ng "SALUMPING" noong maging ganap na itong Barangay na sakop ng Esperanza.



